Drop-in Service Hours / 偶到服務時間 / Jam Kerja di Tempat /
ड्रप-ईन सेवा के घंटे / ड्रप-इन सेवाको समय / ڈراپ اِن سروِس سمے /
Mga Oras ng Serbisyo sa Drop-in / เวลาทำการของเคาน์เตอร์ดรือป์-อิน / ڈراپ اِن کے کام کے اوقات

Telephone Interpretation Service Hotlines (TELIS) / 電話傳譯服務熱線 (TELIS) /
Hotline Layanan Penerjemahan lewat Telepon (TELIS) / टेलीफोन व्याख्या सेवा हाटलाइन (TELIS) /
टेलिफोन दोभाषे सेवा हटलाइनहरू (TELIS) / ਟੈਲੀਫ਼ੋਨ ਵਿਆਖਿਆ ਸੇਵਾ ਹਾੱਟਲਾਈਨ (TELIS) /
Mga Hotline ng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono (TELIS) /
สายด่วนบริการล่ามทางโทรศัพท์ (TELIS) / (TELIS) ٹیلی فون پر زبانی ترجمہ کی سہولت کی باٹ لائنز

CHEER Operation Hours

Time/Day	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat	Sun
9:00am - 5:00pm	☺	☺	☺	☺	☺	☺	☺
5:00pm - 9:00pm	☺	☺	☺	☺	☺	☺	✕
8:00am - 10:00pm	☎	☎	☎	☎	☎	☎	☎

*CHEER closes on public holidays. / 本中心於公眾假期休息。 / CHEER tutup pada hari libur umum. /
CHEER सार्वजनिक छुट्टियों पर बंद रहेगा / ਸਾਰਵਜਨਿਕ ਬਿਦਾਹਰੂਆ CHEER ਬਨ੍ਦ ਹੁਨੇਛ / ਜਨਤਕ ਛੁੱਟੀਆਂ ਵਿਚ CHEER ਬੰਦ ਰਹੇਗਾ /
Ang CHEER ay sarado tuwing mga public holiday. / ศูนย์ CHEER ปิดทำการในวันหยุดราชการ / CHEER عام تعطیلات پر بند ہوگا

Enquiry / 查詢 / Pertanyaan / पूछताछ / सोधपुछ / ਪੁੱਛ-ਪੜਤਾਲ / Pagtatanong / สอบถาม / انکوائری

+852 3106 3104 +852 3106 0454 cheer@hkcs.org www.hkcs.org

Address / 地址 / Alamat / पता / ठेगाना / ਪਤਾ / ที่อยู่ / پتہ

Unit 3, 6/F, Futura Plaza, 111-113 How Ming Street, Kwun Tong, Kowloon, Hong Kong
(Kwun Tong MTR Station Exit B3)
香港九龍觀塘巧明街111至113號富利廣場6樓3室 (觀塘港鐵B3出口)

This programme is sponsored by the Home Affairs Department
本計劃由民政事務總署資助

民政事務總署 Home Affairs Department

香港基督教服務處
HONG KONG CHRISTIAN SERVICE
全人關心 卓越創新
care for all excel in all

融匯 — 少數族裔人士支援服務中心
Centre for Harmony & Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER)

CENTRE for HARMONY and ENHANCEMENT of ETHNIC MINORITY RESIDENTS

CHEER

融匯 — 少數族裔人士支援服務中心

Pusat untuk Etnik Minoritas
अल्पसंख्यक जातीयों के लिए केन्द्र
अल्पसंख्यक जातीयहरूको लागि केन्द्र
ਘੱਟ ਗਿਣਤੀ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਕੇਂਦਰ
Sentro para sa Etniko Minorya
ศูนย์ให้บริการชนกลุ่มน้อย
نسلی اقلیتوں کا مرکز

Telephone Interpretation Service Hotlines (TELIS) / 電話傳譯服務熱線 (TELIS) /
Hotline Layanan Penerjemahan lewat Telepon (TELIS) / टेलीफोन व्याख्या सेवा हाटलाइन (TELIS) /
टेलिफोन दोभाषे सेवा हटलाइनहरू (TELIS) / ਟੈਲੀਫ਼ੋਨ ਵਿਆਖਿਆ ਸੇਵਾ ਹਾੱਟਲਾਈਨ (TELIS) /
Mga Hotline ng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono (TELIS) /
สายด่วนบริการล่ามทางโทรศัพท์ (TELIS) / (TELIS) ٹیلی فون پر زبانی ترجمہ کی سہولت کی باٹ لائنز

Bahasa Indonesia 印尼語
Tagalog 他加祿語
Thai 泰語
☎ 3755 6811

Hindi 印度語
Nepali 尼泊爾語
☎ 3755 6822

Punjabi 旁遮普語
Urdu 烏爾都語
☎ 3755 6833

Multi-Languages Information Website / 多國語言資訊網頁 /
Situs Web Informasi dalam Berbagai Bahasa / बहु-भाषाओं में सूचना वेबसाइट /
बहु-भाषाहरूमा जानकारी वेबसाइट / ਬਹੁ- ਭਾਸ਼ਾਈ ਜਾਣਕਾਰੀ ਵੈਬਸਾਈਟ /
Websayt na naglalaman ng impormasyon sa iba't ibang wika /
เว็บไซต์ข้อมูลหลายภาษา / مختلف زبانوں میں معلوماتی ویب سائٹ

www.hkcscheer.net

Layunin ng Serbisyo:

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong interpretasyon at sari-saring mga programa, ang CHEER ay naglalayong makamit ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Tulungan ang mga etniko minoryang alamin at magamit ang mga mahahalagang serbisyo publiko at mapagkukunan.
2. Mapahusay ang kakayahan ng mga etniko minorya sa Tsino at Ingles.
3. Mapahusay ang kapasidad ng mga etniko minorya sa paglutas ng problema at pakikiangkop sa Hong Kong.
4. Upang maisulong ang panlipunang pagsasama at integrasyon sa Hong Kong.

Pangunahing Target ng Serbisyo: Lahat ng etniko minorya sa Hong Kong.

Mga Pangunahing Serbisyo:

1 Serbisyong Interpretasyon at Pagsasalin

Ang CHEER ay nagbibigay ng mga serbisyong Interpretasyon at Pagsasalin sa **Ingles, Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai** at **Urdu** sa mga etniko minorya at organisasyon na hindi nagsasalita ng Tsino at Ingles at mga organisasyon na nagbibigay ng mahahalagang serbisyo publiko. Kabilang sa aming mga serbisyo ay:

Serbisyong Interpretasyong Pantelepono (TELIS)

Mga Oras ng Operasyon ng TELIS
Lunes - Linggo 8am - 10pm

Serbisyong (EIS) Interpretasyong On-site (Pagsama)

Mga Oras ng Operasyon ng EIS:
Lunes - Biyernes 10am - 6pm
Sabado 10am - 2pm
Bayad ng EIS:
$60/ oras (tuwing oras ng operasyon)
$100/ oras (tuwing di-oras ng operasyon)

Harapang Serbisyong Interpretasyon (OSIS)

Ang OSIS ay magagamit para sa mga etniko minorya tuwing oras ng serbisyo sa drop-in

Serbisyong Pagsasalin (TS)/ Serbisyong Pagwawasto (PS)

Bayad sa TS: $1.5 bawat salitang Ingles sa 1 kani-kaniyang wika (Pinakamababang singil $300)
Bayad sa PS: $0.5 bawat wikang etniko minorya (Pinakamababang singil $100)

Serbisyong Magkakasabay na Interpretasyon (SIS)

(Para sa mga workshop at seminar)
Mga Oras ng Operasyon ng SIS:
Lunes - Byernes 10am - 6pm
Sabado 10am - 2pm
Bayad ng SIS: $150/oras (tuwing oras ng operasyon)

PAHAYAG:

1. *Ang EIS, SIS, TS at PS ay ibinibigay lamang kapag iminungkahi at binayaran ng mga tagapagbigay ng serbisyo publiko.*
2. *Ang mga etniko minorya na nangangailangan ng EIS ay mangyaring gumawa ng mungkahi sa inyong mga tagapagbigay ng serbisyo publiko.*
3. *Tuwing Lunes hanggang Linggo mula 10pm-8am at mga public holiday, ang mga tagagamit na nangangailangan ng TELIS at EIS para sa mga mahahalagang bagay ay maaaring tumawag sa aming hotline ng TELIS kung saan ang aming kawaning nagsasalita ng Ingles ay magbibigay suporta sa inyo.*

2 Mga Programang Pang-wika

Ang CHEER ay bumubuo ng tatlong antas ng mga **programang pagsasanay sa wika** kasama ang:

	Panimula	Intermedya	Advance
Mga Kursong Tsino	Panimulang kasanayan sa pagsalita at pakikinig ng Cantonese. (30 oras)	Intermedyang Antas ng kasanayan sa pagsalita at pakikinig at pagkilala ng mga simpleng salitang Tsino. (50 oras)	Mataas na antas ng kasanayan sa pagsalita at pakikinig ng Cantonese, magbasa at magsulat ng simpleng mga salita at pangungusap sa Tsino. (60 oras)
Mga Kursong Ingles	Panimulang kasanayan sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat sa Ingles (30 oras)	Intermedyang kasanayan sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat sa Ingles (30 oras)	Mataas na kasanayan sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat sa Ingles (30 oras)

Maliban sa pag-aaral sa silid-aralan, ang iba pang mga suportang serbisyo ay ipagkakaloob upang mapahusay ang kasanayan sa wika ng mga etniko minorya:

1. **Ang Mentor@Home Scheme**
   (Isang programa sa pagsasanay na isahan at sa loob ng tahanan na sinusuportahan ng mga boluntaryo)
2. **Peer Assisted Learning (PAL) Club**
   (Isang plataporma upang matuto at gumamit ng kasanayan sa wika na may kasamang suporta ng mga kaibigan)

3 Mga Programang Pang-integrasyon

Upang mabigyan ang mga etniko minorya ng mga mahahalagang kasanayan at kaalaman at palakasin ang kanilang social network para sa kanilang integrasyon sa Hong Kong, isang malawakang hanay ng mga programa ay isinaayos, kabilang ang:

1. **Mga Programa sa Kaalamang Teknikal**
   (Ang mga programa upang mapabuti ang pangunahing teknikal na kaalaman ng mga tagagamit na magiging kapaki-pakinabang sa kanilang pang-araw-araw na buhay, karera at pag-aaral)
2. **Mga Programang Panlipunan at Pang-kultura**
   (Ang mga programa para sa pagpapabuti ng kaalaman ng mga tagagamit tungkol sa mga lokal na kultura, polisiya at mapagkukunan)
3. **Mga Gawaing Pang iba't-ibang kultura**
   (Mga programa para sa pagpapahusay ng pakikipag-ugnayan ng mga taong nagmula sa iba't-ibang kultura)
4. **Mga Grupo at Programang Pang-boluntaryo**
   (Mga programa upang mahikayat ang mga tagagamit na pangalagaan at gamitin ang kanilang potensyal upang makatulong sa kanilang komunidad)
5. **Mga Klaseng After-school Support**
   (Suporta para sa araling-pambahay ng mga mag-aaral sa Primary at Junior Secondary, at mga klase upang pahusayin ang interes ng mga mag-aaral sa kindergarten sa pag-aaral ng Tsino)
6. **Mga Suportang Serbisyo para sa Empleyo**
   (Upang magbigay ng impormasyon sa trabaho at mga pagsasanay.
   Ang mga bakanteng trabaho ay makikita sa Website ng Impromasyon sa Iba't-ibang Wika: www.hkcscheer.net)
7. **Yunit ng Kabataan** (hotline ng konsultasyon: 5222 0554)

4 Mga Serbisyong Pagpapayo, Pagpapatnubay at Pagsangguni

Ang aming mga rehistradong social worker ay magbibigay ng pagpapayo, pagpapatnubay at serbisyong pagsangguni upang mapabilis ang pagsasaayos ng mga etniko minorya sa Hong Kong. Kami ay lalong nababahala sa mga pangangailangan ng mga bagong dating na residenteng etniko minorya.

Mga Serbisyong Apply & Exit:

1. Lahat ng mga etniko minorya ay maaaring magpatala sa aming mga serbisyo:
   - Tawagan lamang ang aming mga TELIS Hotline o bumisita sa aming Sentro tuwing oras ng pagbubukas para sa mga serbisyong interpretasyon at pagsasalin, pagpapayo, pagpapatnubay at pagsangguni.
   - Kumpletuhin lamang ang mga application form at ibalik sa amin sa pamamagitan ng koreo o personal na ihatid sa amin para sa mga programang pang-wika at pang-integrasyon.
2. Ang mga taga-gamit ng serbisyo ay maaring hindi na gumamit ng aming mga serbisyo sa pamamagitan ng ng berbal na pagmungkahi sa aming mga kawani.

Bayad: Ang mga serbisyo ay **Libre** para sa mga etniko minorya.